

KIAN

KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KAMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City



Yumemigasaki Zoo

(夢見ヶ崎動物公園の案内)



Isinilang na ang dalawang anak ng wao kitsune zaru sa Yumemigasaki Zoo. Ang wao kitsune zaru ay isang uri ng Madagascar Cat/Lemur na matatagpuan sa Madagascar Island ng Africa at ito ay nabibilang sa pambihirang hayop at patuloy na nagbabawas ng bilang ng lahi. Ito ay may laki na 40 cm, may mahabang buntot na 50 cm, may puti at itim na stripe kung saan dito nagmula ang pangalan nitong wao. Ipinanganak ito ng dalawang magka-ibang inang Lemur noong ika-8 ng Marso at ika-6 ng Abril. Ayon sa tagapangalaga, mahirap daw bumuo ng magkaparehang Lemur. Noong 1992, ang amang Lemur ay madalas ipagtabuyan ng inang Lemur at halos hindi makasiping. Sa kadahilanang ito, madalang ang pagkakaroon ng breeding nito. Ang pagkasilang ng mga ito ay pang 9 na taong pangyayari sa Yumemigasaki Zoo.

Bukod dito, may mga pambihirang hayop tulad ng Lesser Panda, Elephant tortoise (pagong), Siberia Moose/Elk at iba pa na may halos 62 uri ng hayop at 400 bilang ng hayop ang matutunghayan dito sa Yumemigasaki Zoo. Kabilang dito ang mga ibong ligaw at iba't ibang uri nito ang matutunghayan sa mataas na lugar nito. Bagama't lumipas na ang panahon ng Cherry Blossoms, tuwing tag-sibol ay mapapanood ang pamumulaklak ng may 500 puno ng sakura. Inaanyayahan ang lahat upang bisitahin ang pamilya ng wao kitsune zaru sa Yumemigasaki Zoo. Ito ay bukas sa loob ng buong taon at walang bayad. Matatagpuan ito sa Saiwai-ku Minamikase. Upang makarating dito, Sumakay mula sa Kanlurang labasan ng istasyon ng JR Kawasaki (nishi guchi) at bumaba sa Yumemigasaki Dobutsu Koen Mae. Para sa iba pang detalye, makipag-ugnayan sa 044-588-4030.

Silid Reperensya/Aklatan

韓国・朝鮮語での図書検索



Mula sa Pamublikong Aklatan ng siyudad ng Kawasaki, ang **Kawasaki, Nakahara, Miyamae at Asao**, apat na nabanggit na lugar ay maaari nang makahanap ng mga ng libro sa **Wikang Koryano at Wikang Intsik**.

Dito sa Siyudad ng Kawasaki ay napag-alamang karamihan sa mga dayuhang naninirahan ay mga Koryano at Intsik. Dahil dito, nagsimula nitong buwan ng Marso ang pagbago ng sistema ng paghahanap ng aklat at idinagdag sa wikang Hapon at Ingles ang wikang Koryano at Intsik kung saan ito ay naglalayong mapabuti lalo ang serbisyo at upang mapahusay ang paggamit ng silid-reperensya

Ang mga Aklatan sa loob ng Siyudad ay naglalaman ng mga koleksyon ng aklat-reperensya ng may 3 libo at 2 daang bilang ng librong Korya at Intsik. Halos 3 porsyento nito ay mga aklat ng ibang bansa.

Kamakailan lamang, ang paghahanap ng nais gamiting aklat ay ginagawa sa pamamagitan ng pagpili mula sa bookshelves o di kaya sa pagtingin sa listahan ng mga aklat sa kadahilanang ang kompyuter ay hindi pa handa sa sistemang pagsi-search sa wikang Hungul at Intsik. Ang siyudad ng Kawasaki at kompanya ng kompyuter ay nagsumikap upang makapaglaan ng panibagong sistema ng kompyuter, naging posible na ang paglalagay ng letra sa wikang Korya at Intsik, upang mapadali, mapabisa ang paghahanap ng mga materyales pang-reperensya at iba pang aklat. Ang bagong computer system ay inaasahang magiging convinient sa lahat kaya't huwag mag-atubiling gamitin ang sistemang ito. Para sa iba pang detalye, makipag-ugnayan sa **Nakahara Library 044-722-4932**.



Youth Science Museum

(青少年科学館の案内)





Ang MEGASTAR sa Planetarium ng Youth Science Museum ay isang uri ng makina o Projector na kung saan nagpapakita ito ng malalim at malawak na kalangitang punung-puno ng bituin. Ang Megastar ay gawa ng bantog na si Ginoong Ohira Takayuki ng Tama Ward. Kumpara sa munting projector na maaaring mag-project ng 6 libong bituin, ang Megastar ay may 4 milyong bilang ng bituin (12.5 scale) ang maaaring abutin at mapapanood dito na imposibleng makita sa pamamagitan ng normal na paningin. Halimbawa, ang Amanogawa (Milky Way) ay mamamasdan bilang isang uri ng ulap sa langit, subalit kapag ginamitan ito ng Megastar, mapag-aalaman at makikita itong isang malaki at malawak na kumpol ng mga bituin.

Sa kasalukuyan, ang Megastar at ang projector ay pinag-isa upang maging madali at maliwanag para sa lahat ang panonood ng mga bituin habang ito ay ipinakikilala ng tagapamahala ng museo. Maaari ding makahiram ng binocular glasses upang maranasan ang masaya at impressive na panonood ng kalangitan. Higit sa lahat, nakalaang sumagot sa lahat ng katanungang nau-ukol sa daigdig, at mga bituin.

Bukod pa rito, may mga silid para sa “star-watching” at “exhibition halls.” Inaanyayahan ang lahat na mamasyal at manood ng mga bituin. Ang bawat palabas ng planetarium ay 45 minuto. Tuwing Sabado, Linggo, pistang opisyal, at mga bakasyon sa tag-sibol, tag-araw at tag-lamig (春、夏、冬休み) ay magbubukas sa oras ng 10:30 ng umaga, ang palabas sa planetarium ay 4 beses sa isang araw. Ang entrance fee ay 200yen, para sa mga mag-aaral ng senior high school 100yen, at libre para sa mga mag-aaral ng junior high school at mga may edad na 65 taon pataas.

Sa iba pang impormasyon, tumawag sa 044-922-4731.



Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

Inilathala ng: Asosasyong Pandaigdigang ng Kawasaki The Kawasaki International Association
2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:<http://www.bremen.or.jp/kian/>